Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-03 NG MAYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 73-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN NG BILIHANG TULUYAN NG ISANG PARSELA NG LUPA (DEED OF ABSOLUTE SALE) NA MAY KABUUANG SUKAT NA ANIM NA RAAN METRO KWADRADO (600 SQ.M.) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NI G. VICENTE C. CRUZ NA GAGAMITIN BILANG EXTENSION NG MATAAS NA PAARALAN NG CANALATE (CMIS-CANALATE).**

**PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT**, alinsunod sa tagubilin ng Seksyon 13 ng Artikulo II ng Saligang Batas ng Pilipinas na kinikilala ng Estado ang napakahalagang tungkulin ng kabataan sa pagbuo ng bansa;

**SAPAGKAT**, batay sa rin sa itinatadhana ng Seksyon 1 ng Artikulo XIV ng Saligang Batas ng Pilipinas na dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon;

**SAPAGKAT**, alinsunod pa din sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT**, kabilang sa pangunahing layunin at adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagtataguyod at paghahandog ng dekalidad na edukasyon sa bawat mamamayan at kabataan ng lungsod upang kanilang maging sandata sa pag-abot ng kanilang pangarap sa buhay;

**SAPAGKAT**, sa kasalukuyan ay may kabuuang 275 mag-aaral ang Mataas na Paaralan ng Canalate (CMIS-CANALATE) at may kagyat na pangangailangang makapagtayo ng karagdagang silid-aralan upang magamit sa mas ikauunlad ng sistema ng edukasyon;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang lagay ng lupang pagmamay-ari ni G. Vicente C. Cruz na may titulo bilang 039-2017006959 na may kabuuang sukat na anim na raang metro kwadrado (600 sq.m.) ay sapat upang makapagtayo ng panibagong gusali;

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatadhana ng Seksyon 22 (c) ng Batas Republika 7160 o mas kilala bilang "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas" ay may kapangyarihan ang Punong Ehekutibo na katawanin ang isang Pamahalaang Lokal sa isang kasunduan o kontrata na may kaukulang otorisasyon buhat sa kinauukulang Sanggunian, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Baustista,** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na binibigyang pahintulot at kapangyarihan ang mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na makapasok at makalagda sa isang kasunduan ng bilihang tuluyan ng isang parsela ng lupa (Deed of Absolute Sale) na may kabuuang sukat na anim na raang metro kwadrado (600 sq.m.) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at G. Vicente C. Cruz na gagamitin bilang extension ng Mataas na Paaralan ng Canalate (CMIS-CANALATE).

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05042021